

Paunawa sa 「Bagong Corona Vaccine」

Para mapabakunahan ng maayos

- Hindi sapilitan ang pagbabakuna. Maaaring magpabakuna kung tayo po ay sang-ayon, pagkatapos maunawaan ang tungkol sa mga epekto, reaksyon na sanhi nito, at sistema na malunasan ang pinsala sa kalusugan.
- Paki basa ang nakalakip na “Mga tagubilin para sa Bagong Corona Vaccine” at magpasya kung nais tumanggap ng bakuna. Ang manual ng mga tagubilin ay nakapaloob sa Pfizer at Moderna, alamin po lamang ang mga ito.
- Kung nag-aalala sa bakuna dahil may sakit o kasalukuyang nagpapagamot, kumunsulta agad sa doktor.
- Dapat magpakuna kung maayos ang kondisyon ng kalusugan, kung ang pasya ng doctor na hindi ituloy, hindi po kayo babakunahan.
- Ang mga 16 taong gulang pababa na magpapabakuna ng Pfizer, ay dapat samahan at may pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ayon sa alituntunin.

■ Saan magpapabakuna

Kooperatibong Medikal na institusyon sa Yamato o sa grupo ng nagbabakuna / ibang samahan na itinatag ng Yamato para sa bakuna

- Ang bakuna na ginagamit ay maaaring magkaiba depende sa lugar. Paki tignan sa homepage ng lungsod ang klase ng bakunang ginamit at pagreserba.
- Paki tignan ang kalakip na “Listahan ng mga Cooperating Medical Institution para sa Bagong Corona Vaccine sa Yamato City (A3 size)”
- Maaaring pumasok ng sabay sa loob kung may kasama.
- Para sa detalye ng Bagong Corona Vaccine, tumawag sa Call center (046-260-0900)

■ Paraan ng pagpapareserba Magkaiba ang paraan ng pagreserba sa pang isahan o grupo • o ibang samahan



- Paki handa at dalhin ang coupon sa bakuna.
- Paki sulatan na sa bahay ang mga katanungan sa papel.
- Nakasalalay ang bakuna sa lagay ng supply ng vaccine, maaaring di agad mabakunahan, kahit na may coupon.
- Para sa katanungan sa Bagong Corona Vaccine, tumawag sa Call center (046-260-0900)

《Indibidwal na Bakuna》

- Paraan na itinalaga ng Cooperating Medical Institution (telepono, homepage, atbp)
- Paki tignan ang kalakip na “Listahan ng mga Cooperating Medical Institution para sa Bagong Corona Vaccine sa Yamato City (A3 size)”

《Grupong Nagbabakuna · o ibang samahan》



- Magpareserba sa sumusunod na paraan
 - Paraan ①  Magpareserba sa internet
(pwedeng magpareserba sa City homepage o QR code sa kanan)
 - Paraan ②  New Corona Vaccine Call center (046-260-0900)

■ **Panimula ng bakuna** **Depende ang panahon na maaaring magpabakuna ayon sa edad**

■ **Panahon ng bakuna** hanggang February 28, 2022

■ **Edad / Pagitan / Bilang ng bakuna** (July 1, 2021 na kasalukuyang impormasyon)

◇ **Gawa ng Pfizer: 2 beses/ 3 linggong pagitan/ 12 taong gulang pataas**

(ipinanganak bago mag April 1, 2010)

◇ **Gawa ng Moderna: 2 beses/ 4 linggong pagitan / 18 taong gulang pataas** (ipinanganak bago mag April 1, 2004)

- Tandaan po lamang na depende sa Vaccine ang pagitan ng bakuna.
- Hindi maaaring isabay ang bakuna ng bagong corona vaccine sa ibang bakuna. Kailangang maglaan ng 2 linggong pagitan para sa iba pang bakuna.
- Mangyaring magpabakuna ng parehong vaccine sa 1 at 2 beses.



■ **Gastos sa bakuna** **Libre**

■ **Mga dadalhin sa araw ng bakuna**

- Vaccine envelope (kulay dilaw ang sobre)
- Coupon sa bakuna
- Mga katanungan papel (hindi pwedeng lagyan ng correction tape, paki sulatan ng black o blue ballpen at paki dala)
- ID na nagpapatunay na kayo iyon (health insurance card, driver license, atbp)
- Kung mayroon, dalhin ang medicine book, mother and child handbook, thermometer, reading glass atbp.

Kung nawala ang coupon sa bakuna, tumawag sa

Bagong Corona Vaccine Call center (046-260-0900)

Magsuot ng damit na madaling itaas hanggang braso

Pakiusap sa lugar ng bakuna

- ① Magsuot ng mask, mag alcohol, iwasan ang siksikan at paglapit sa isat-isa.
- ② Para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon, siguraduhing maayos ang kalusugan bago magpabakuna. at walang sintomas ng mga sumusunod:
 - Matagal at paulit ulit na trangkaso.
 - Nagkalagnat sa loob ng 2 linggo (mataas ang temperature o mahigit 37.5°C na lagnat)
 - Mga nag-abroad na tinukoy ng Ministry of Justice of Health, Labor and Welfare sa loob ng 2 linggo (o kayay may nakasama sa bahay o trabaho)
 - May kaugnayan sa pasyente na nagka coronavirus at hinala na mayroon sa loob ng 2 linggo (may nakasama na nilagnat sa bahay o trabaho)
 - Mga may malapit na kaugnayan sa pasyente ng coronavirus, at nasa loob ng panahon ng paghihintay (o nasa ilalim ng pagsusuri ng corona)

■ Para sa katanungan


- Kung may mga katanungan, tumawag sa call center.

Tumawag sa

Bagong Corona Vaccine Call Center : 046-260-0900

Araw-araw 8:30 ~17:15

※mahirap kumontak minsan



Ministry of Justice of Health, Labor and Welfare Homepage

Questionnaire form sa Bagong Corona Vaccine sa ibang wika



URL https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/vaccine_tagengo.html

- ◆ Nakalagay ang mga notice, paliwanag at mga katanungan papel sa Bagong Corona Vaccine sa ibat- ibang wika.
- ◆ Tumutugon sa 17 lenguahe (English, Chinese (simplified, traditional), Korean, Indonesian, Thai, Mongolian, Tagalog (Philippines), Portuguese, Spanish, Vietnamese, Myanmar, Nepalese, Khmer (Cambodia), French, Russian, Arabic.
- ◆ habang tinitignan ang questionnaire sa ibang wika, **Paki sulatan ang katanungan papel sa nihongo, at pakidala ito sa araw ng bakuna.**